Alberta

**Inilabas** na balita

# Paggawang higit na abot-kaya ang kuryente

Abril 18, 2024 Mga katanungan ng media

## Ginagawa ng gobyernong Alberta na higit na abot-kaya ang kuryente sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga taga-Alberta mula sa mga pagtaas ng presyo at pagtulong sa kanilang higit na magkaroon ng kaalaman tungkol sa kanilang mga opsyon.

Upang protektahan ang mga taga-Alberta sa default na presyo ng kuryente mula sa biglaang pagtaas ng mga presyo, binabalak ng gobyerno ng Alberta na ipasok ang lehislasyon at bagong mga regulasyon sa tagsibol na ito para gawing higit na abot-kaya ang kuryente sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagiging pabago-bago at pagtataas ng kompetisyon sa merkado ng kuryente. Mapapatatag ang default na mga presyo ng kuryente sa pamamagitan ng pagtatakda nito para sa bawat provider tuwing dalawang taon. Makabuluhan nitong babawasan ang mga pagtaas ng presyo para sa mga taga-Alberta na hindi makayang mag-sign ng mapagkumpitensiyang kontrata, kabilang ang mga taga-Alberta sa kanayunan na maaring walang ibang magagamit na opsyon, at sa mga may mahinang kredito o ibang mga kahirapan sa pananalapi tulad ng mga senior at iba pang mga populasyong mahihirap.

“Dapat na walang pangamba ang mga taga-Alberta na buksan ang kanilang bill sa bawat buwan. Ginagawang mahirap para sa mga pamilya na planuhin ang kanilang mga badyet sa sambahayan ng hindi mahulaang mga gastos sa kuryente at hindi talaga natin mapayagan ang kalituhan tungkol sa pagsingil ng kuryente na magdulot ng kahirapan sa pananalapi ng mga taga-Alberta. Ipinangako naming tutugunan ang tumataas na hindi abot-kayang mga singil sa yutilidad at ginagawa namin ang unang mga hakbang para gawin iyan, at mas marami pa sa hinaharap.”

*Danielle Smith, Premier ng Alberta*

Ang default na pangalan ng presyo ng kuryente, na Opsyon sa Kinokontrol na Presyo (Regulated Rate Option, RRO), ay nakalilinlang bilang ang terminong ‘kinokontrol’ ay nakalilito sa mga mamimili at nagbibigay sa kanila ng maling pakiramdam na proteksyon na protektado ang presyo ng gobyerno. Batay sa mga rekomendasyon mula sa Working Group ng RRO, binabalak ng gobyerno ng Alberta na ipasok ang lehislasyon sa tagsibol na ito para bigyan ng ibang pangalan ang default na presyo ng kuryente sa Presyo ng Huling Remedyo (Rate of Last Resort). Sa pamamagitan ng

pagpapalit ng pangalan sa Presyo ng Huling Remedyo, mas higit na maiintindihan ng mga mamimili ang binabayaran nilang presyo at ginagayak silang hanapin ang pinakamahusay na opsyon para sa kanila.

“Ang kaalaman ay kapangyarihan, at kailangang malaman ng mga taga-Alberta ang kanilang mga opsyon. Gagawin o sisirain ng mga singil sa yutilidad ang maliit na badyet kung saan mahalaga ang bawat sentimo, kung kaya pinoprotektahan namin ang mga limitado ang opsyon mula sa biglaang pagtaas ng mga presyo ng kuryente. Gagawin din nitong higit na abot-kaya ang buhay para sa lahat ng mga taga-Alberta bilang pinapababa nito ang presyo ng mga yutilidad.”

*Nathan Neudorf, Ministro ng Pagiging Abot-kaya at mga Yutilidad*

Kapag pipiliin ng mamimili na hindi mag-sign ng mapagkumpitensiyang kontrata, awtomatiko nilang dapat na bilhin ang kanilang kuryente sa default na presyo mula sa kanilang lokal na default provider. Upang higit pang masiguro na lalong magkaroon ng kaalaman ang mga taga-Alberta tungkol sa kanilang mga opsyon sa presyo ng kuryente, binabalak ng gobyerno ng Alberta na ipasok ang karagdagang mga kinakailangan para sa default na mga provider ng yutilidad. Sa loob ng 90 araw na pagbibigay ng kanilang mga serbisyo, kailangang kumpirmahin ng mga provider sa kanilang kostumer kung pipiliin nilang mag-sign ng kontrata sa mapagkumpitensiyang presyo o mananatili sa default na presyo ng kuryente. Kailangan ding ibahagi ng mga provider ang impormasyon sa kanilang mga kostumer kung paano i-access ang mga mapagkukunan ng Tagapagtaguyod ng Mamimili sa mga Yutilidad (Utilities Consumer Advocate). Bilang karagdagan, kakailanganin ng gobyerno ang mga provider na ipaalam sa kanila ang kanilang mga opsyon sa kanilang mga buwanang bill.

Nagbibigay ang mapagkumpetensiyang merkado ng tingiang kuryente ng Alberta ng pagpipiliang mahigit sa 50 mapagkumpetensiyang presyo ng mga nagtitingi ng taga-Alberta na nagbibigay ng mga kontratang naka-pirmi at pabago-bagong presyo. Tigsasampu ng libo-libong mga taga-Alberta ang umalis sa default na rate noong 2023, at ang mga nasa presyo pa rin ay dapat na pag-isipan ang kanilang mga opsyon. Ang mga naghahanap ng tulong sa kanilang mga singil ng yutilidad o nakakaranas ng pakikipagsalungatan sa kanilang provider ay dapat na makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mamimili sa mga Yutilidad.

## Mabilisang mga katotohanan

- May tatlong opsyon ang mga taga-Alberta kapag bumibili ng kanilang mga yutilidad na elektrisidad at likas na gas; ang default na RRO, isang mapagkumpetensiyang kontrata para sa pabago-bago (nakalutang) na presyo, o mapagkumpetensiyang kontrata para sa naka-pirmi na presyo.

    - Para higit pang impormasyon tungkol sa mga presyo ng yutilidad, makipag-ugnayan sa Tagapagtaguyod ng Mamimili sa mga Yutilidad o bisitahin ang kanilang website.
    - Sa Alberta, matatanggap ng mga kostumer na hindi lumagda ng mapagkumpetensiyang kontrata ang default na presyo ng kuryente mula sa kanilang lokal na provider ng RRO.
    - Kasalukuyang nagbabago ang default na mga presyo ng kuryente bawat buwan batay sa mga presyo sa merkado para sa kuryente sa Alberta. Itinakda ang mga presyong ito ng Komisyon ng mga Yutilidad ng Alberta (Alberta Utilities Commission, AUC), at hindi pinagpapasyahan ng gobyerno.
- Halos 29 porsiyento ng residenteng mga kostumer ang bumibili ng kuryente sa pamamagitan ng default na presyo ng kuryente.
- Halos 32 porsiyento ng karapat-dapat na mga komersyal na kostumer at 46 porsiyento ng mga kostumer sa bukid ang bumibili ng kuryente sa pamamagitan ng default na presyo ng kuryente.

## Nauugnay na impormasyon

- Tagapagtaguyod ng Mamimili sa mga Yutilidad
- Pagmo-modelo ng MSA

## Nauugnay na balita

- Pinahusay na ginhawa sa yutilidad para sa mga mamimili noong Enero (Dis. 21, 2022)

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensiya ng balita

## Mga katanungan ng media


### Sam Blackett

587-589-6048
Kalihim ng Press, Tanggapan ng Premier

### Ashley M Stevenson

587-357-2141
Kalihim ng Press, Ministro ng Pagiging Abot-kaya at mga Yutilidad